Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 26, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN
Tagapangulo

Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

### KAPASIYAHAN BLG. 182-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 02-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG POBLACION I NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN LIMAMPU'T LIMANG LIBO SIYAMNAPU'T DALAWANG PISO (Php155,092.00) MULA SA KARAGDAGANG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT PARA SA TAONG 2009 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php31,018.40), 10% SK FUND (Php15,509.20), 5% CALAMITY FUND (Php7,754.60); CASH GIFT (Php55,000.00), ACCOUNTABLE FORM (Php3,000.00), ELECTRIC BILL (Php3,000.00), TELEPHONE BILL (Php1,500.00) WATER EXPENSES (Php700.00), TRAVELLING EXPENSES (Php7,000.00), OFFICE SUPPLIES (Php27,609.80) AT BARANGAY GENERAL ASSEMBLY (Php3,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 34-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion I na nagkakahalaga ng Php155,092.00 mula sa Karagdagang Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 upang ilaan sa 20% Development fund (Php31,018.40); 10% SK fund (Php15,509.20); 5% Calamity fund (Php7,754.60); Cash Gift (Php55,000.00), Accountable Form (Php3,000.00), Electric Bill (Php3,000.00), Telephone Bill (Php1,500.00), Water Expenses (Php700.00), Travelling Expenses (Php7,000.00), Office Supplies (P27,609.80) at Barangay General Assembly (Php3,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Angelito U. Limjuco at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion I na nagkakahalaga ng Php155,092.00 mula sa Karagdagang Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 upang ilaan sa 20% Development fund (Php31,018.40); 10% SK fund (Php15,509.20); 5% Calamity fund (Php7,754.60); Cash Gift (Php55,000.00), Accountable Form (Php3,000.00), Electric Bill (Php3,000.00), Telephone Bill (Php1,500.00), Water Expenses (Php700.00), Travelling Expenses (Php7,000.00), Office Supplies (P27,609.80) at Barangay General Assembly (Php3,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Poblacion I, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan